O Abū Bakr, ano ang palagay mo sa dalawang si Allāh ay ang ikatlo nilang dalawa?"}

Ayon kay Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tumingin ako sa mga paa ng mga tagapagtambal sa mga uluhan namin habang kami ay nasa yungib saka nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, kung sakaling ang isa sa kanila ay tumingin sa mga paa niya, nakakita sana siya sa atin sa ilalim ng mga paa niya." Kaya nagsabi siya: "O Abū Bakr, ano ang palagay mo sa dalawang si Allāh ay ang ikatlo nilang dalawa?"}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagsabi ang Pinuno ng mga Mananampalataya na si Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq (malugod si Allāh sa kanya) sa panahon ng paglikas: Tumingin ako sa mga paa ng mga tagapagtambal, habang sila ay mga nakatayo sa mga uluhan namin sa ibabaw ng Yungib ng Thawr habang kami ay nasa loob nito, saka nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, kung sakaling ang isa sa kanila ay tumingin sa mga paa niya, nakakita sana siya sa atin sa ilalim ng mga paa niya." Kaya nagsabi siya: "O Abū Bakr, ano ang palagay mo sa dalawang si Allāh ay ang ikatlo nilang dalawa sa pag-aadya, pagtulong, pangangalaga, at pagtatama?"

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3447